5

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay- Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 5**
**Kuwarter 1: Aralin 1 Linggo 1**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Kurriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**
**VENICRIS M. ALONSOZANA**
De La Salle University – Dasmarinas

**Tagasuri**
**LIZA T. BACIERRA**
Leyte Normal University

**Management Team**
Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY ARALIN**

**GMRC, UNANG KUWARTER, ANTAS 5 (Linggo 1)**

| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga kilos na nagpapahalaga sa sariling buhay. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kilos na nagpapahalaga sa sariling buhay bilang pagkilala sa kaniyang dignidad upang malinang ang paggalang sa buhay. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa paggalang sa buhay sa pamamagitan ng pag-iingat at pagpapabuti ng sariling buhay<br>a. Naiisa-isa ang mga kilos na nagpapahalaga sa sariling buhay<br>b. Naipaliliwanag na ang mga kilos na nagpapahalaga sa sariling buhay ay paraan upang kilalanin ang sariling dignidad bilang tao at ang mga salik na nakaaapekto sa pagtataguyod nito<br>c. Nailalapat ang mga kilos na nagpapahalaga sa sariling buhay bilang pagkilala sa kaniyang dignidad |
| **C. Nilalaman** | Mga Kilos na Nagpapahalaga sa Sariling Buhay |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Paggalang sa buhay *(Respect for life)* |
| **E. Integrasyon** | Indibidwal na pagpapahalaga at personal na paniniwala |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Mga Sangguniang Gagamitin sa Aralin:<br><br>Bautista, J. (11 December 2023). *1 in 3 Filipino students bullied in school – Pisa study.* Retrieved on March 15, 2024 from https://newsinfo.inquirer.net/1873526/1-in-3-filipino-students-bullied-in-school-pisa-study#ixzz8UbgRkfzC |

Department of Education (n.d.). *MATATAG Curriculum: Good Manners and Right Conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values Education (VE) (Baitang 7-10)*

LeBoeuf, B. (29 August 2019). *10 rules all kids should live by*. Retrieved on March 12, 2024 from https://community.today.com/parentingteam/post/10-rules-all-kids-should-live-by

Lopez, J. (n.d.). *Bullying: Filipino version.* Retrieved on March 15, 2024 from https://www.scribd.com/doc/161319949/BULLYING-FIlipino-VERSION

Rekhi, S. (2023). *Self-Respect: Definition, Examples, & How To Gain It.* Retrieved March 12, 2024 from https://www.berkeleywellbeing.com/self-respect.html

Villanueva, V.M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**MAIKLING BALIK-ARAL**<br><br>**Pagtapat-tapatin.** Itapat ang mga lilinanging pagpapahalaga sa ikalawang hanay sa tama nitong aralin sa unang hanay. Ilagay ang tamang sagot na titik sa patlang.<br><br>Unang Hanay — Ikalawang Hanay<br><br>_____1. Mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan — a. Magalang<br>_____2. Mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya — b. Mapagmalasakit<br>c. Masunurin<br>_____3. Pagkakapantay-pantay ng bawat isa sa kabila ng pagkakaiba-iba — d. Matapat<br>_____4. Pagtupad ng pamilya sa mga alituntunin ng Pamayanan — e. Nasyonalismo | Tamang Sagot:<br>1. e<br>2. d<br>3. a<br>4. c<br>5. b<br><br>Ang limang sagot ay mga halimbawa ng Pagpapahalaga na nalinang sa Baitang 4. Ang iba pang Pagpapahalaga ay ang sumusunod (Maaring tumawag ng mag-aaral na makakaalala upang sumagot):<br>Kalinisan,<br>Karunungan, |

| | | |
|---|---|---|
| | _____5. Pakikiisa sa Pamayanan sa Pagpapanatili ng Malinis na hangin | Mabuting Katiwala,<br>Mapagpakumbaba,<br>Mapagpasalamat,<br>Mapagpasensiya,<br>Mapanagutan,<br>Matipid,<br>Matiyaga,<br>Pagmamahal sa Bayan,<br>Pagpapahalaga sa Sarili,<br>Pananalig sa Diyos, at<br>Tiwala sa Sarili. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>**Tayo'y Mag Otso-otso.** Piliin ang walong gawi na hindi nagpapakita ng pagpapahalaga. Lagyan ng X sa patlang ang mga ito.<br><br>___Maagap ___Magalang ___Positibo sa buhay ___Malinis ___Mapagpasensiya<br>___Maingat ___Palatulog ___Palaging huli ___Tamad ___Pananampalataya<br>___Pag-asa ___Hindi seryoso ___Paggalang sa Buhay ___Palasagot ___Mapagpasalamat<br>___Magiliw ___Hindi nag-iisip ___Magulo ___Palabiro ___Mapagmalasakit<br>___Masinop ___Masunurin ___Nasyonalismo ___Mapanagutan ___Pagpapahalaga sa Sarili<br><br>**2. PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>**Isang Tanong Pinakamagandang Sagot.** Magbigay ng isang halimbawa ng kilos na nagpapakita ng "Paggalang sa Sariling Buhay". | Walong sagot na inaasahang may X:<br>1. Palatulog<br>2. Palaging huli<br>3. Tamad<br>4. Hindi seryoso<br>5. Palasagot<br>6. Hindi nag-iisip<br>7. Magulo<br>8. Palabiro<br><br>Ang matitirang Pagpapahalaga ay ang mga lilinanging Pagpapahalaga sa buong Baitang 5.<br>Ang nasa GITNA ng mga "X" ay ang lilinanging Pagpapahalaga ng Aralin: Paggalang sa Buhay<br><br>Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Sagot: ______________________________________________<br>______________________________________________<br><br>Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni______________________):<br>______________________________________________<br>______________________________________________ | Isulat ang pinakamagandang sagot at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 1:** Mga Tiyak na Kilos sa Pagsasabuhay ng Pagpapahalaga sa Sariling Buhay<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**<br><br>***Copy-Paste.*** Kopyahin at ilagay ang bawat pamagat ng aralin sa susunod na mga patlang ayon sa tama nitong pag-uuri.<br><br>*Kahalagahan ng Banal na Aklat, Babasahin, o Katumbas nito sa Sariling Pananampalataya o Paniniwala*<br><br>*Mga Pagbabagong Nagaganap sa Sarili.*<br><br>*Mga Sariling Tungkulin sa Batas Trapiko sa Pamayanan.*<br><br>*Pag-iimpok Bilang Paghahanda sa Sariling Kinabukasan.*<br><br>*Sariling Pamamahalaga sa mga Patapong Gamit-Teknolohikal.*<br><br>Isulat ang mga pamagat ng aralin na nagpapakita ng halimbawa ng kilos na paggalang sa buhay ukol sa sariling pagpapahalaga:<br><br>______________________________________________<br>______________________________________________ | Ang limang pamagat na aralin ay ang mga Aralin sa buong Kuwarter 1 ng GMRC Baitang 5.<br><br>Tamang Sagot:<br><br>Halimbawa ng mga Kilos na nagpapakita ng Paggalang sa |

| | | |
|---|---|---|
| | Isulat ang mga pamagat ng aralin na nagpapakita ng halimbawa ng kilos ng paggalang sa buhay ukol sa mga pagpapahalaga sa sariling kapaligiran at pananampalataya:<br><br>**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**<br><br>**Pagtapat-tapatin.** Suriin at itapat ang lilinanging mga pagpapahalaga sa ikalawang hanay sa tama nitong aralin sa unang hanay. Ilagay ang tamang sagot na titik sa patlang.<br><br>Unang Hanay — Ikalawang Hanay<br><br>____1. Kahalagahan ng Banal na Aklat, Babasahin, o Katumbas nito sa Sariling Pananampalataya o Paniniwala — a. Maagap<br>____2. Mga Pagbabagong Nagaganap sa Sarili — b. Masinop | Buhay ukol sa sariling pagpapahalaga:<br><br>*Mga Pagbabagong Nagaganap sa Sarili.*<br><br>*Pag-iimpok Bilang Paghahanda sa Sariling Kinabukasan.*<br><br>Halimbawa ng mga Kilos na nagpapakita ng Paggalang sa Buhay ukol sa pagpapahalaga sa sariling Kapaligiran at Pananampalataya:<br>*Kahalagahan ng Banal na Aklat, Babasahin, o Katumbas nito sa Sariling Pananampalataya o Paniniwala*<br><br>*Mga Sariling Tungkulin sa Batas Trapiko sa Pamayanan.*<br><br>*Sariling Pamamahalaga sa mga Patapong Gamit-Teknolohikal.*<br><br>Tamang Sagot:<br><br>1. e<br>2. d<br>3. c |

| | | |
|---|---|---|
| | ____3. Mga Sariling Tungkulin sa Batas Trapiko sa Pamayanan — c. Masunurin<br>____4. Pag-iimpok Bilang Paghahanda sa Sariling Kinabukasan — d. Pagpapahalaga ng sarili<br>____5. Sariling Pamamahala sa mga Patapong Gamit -Teknolohikal — e. Pananampalataya<br><br>**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**<br><br>**Pagmuni-muni.** Balikan ang pinakamagandang sagot ng klase sa Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin at isulat ito sa tama nitong uri:<br><br>Halimbawa ng mga Kilos na nagpapakita ng Paggalang sa Buhay ukol sa sariling pagpapahalaga:<br><br>______________________________<br>______________________________<br><br>Halimbawa ng mga Kilos na nagpapakita ng Paggalang sa Buhay ukol sa pagpapahalaga sa sariling Kapaligiran at Pananampalataya:<br><br>______________________________<br>______________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA 2:** Mga Angkop na Kilos na Tumutugon sa Pagpapahalaga ng Sarili<br><br>**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA.**<br><br>**Tama-Mali-Dahilan (T.M.D).** Sabihin ang "Tama" kung ikaw ay sumasang-ayon o "Mali" kung hindi sumasang-ayon sa sumusunod na mga gawain o pag-iisip. Isulat ang "Dahilan" kung bakit ito ang iyong sagot. | 4. a<br>5. b<br><br>Maaaring gawin ng pangkatan na may limang miyembro. Pipili ng lider na mag-uulat ng pinagsamasamang sagot sa harap ng klase. |

| Mga Gawain o Pag-iisip: | Lagyan ng "tsek" | | DAHILAN |
|---|---|---|---|
| | TAMA | MALI | |
| 1. Palaging hawakan ang pinto para sa taong nasa likod mo. | | | |
| 2. Maging mabait. | | | |
| 3. Ipaglaban ang iyong sarili. | | | |
| 4. Tandaan na nagbabago ang tao. | | | |
| 5. Maging mapanuri. | | | |
| 6. Huwag matakot na umamin kapag nahihirapan ka. | | | |
| 7. Maging mabuting kaibigan. | | | |
| 8. Hindi lahat ay ka-pamilya. | | | |

Sa huling talakayan ng pagproseso ng pag-unawa, bigyan diin na ang sampung (10) gawain o pag-iisip ay bigay ni Le Boeuf (2019) na halimbawang mga angkop na kilos o alituntunin na nagpapahalaga ng sarili na dapat sundin ng lahat ng bata.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 9. Maging madaling umangkop. | | | ______<br>______<br>______ |
| 10. Sa sarili mong tahanan umuwi. | | | ______<br>______<br>______ |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pangkatang pagtatanghal.** Mula sa sampung gawain o pag-iisip na nagpapakita ng pagpapahalaga ng sarili, PUMILI NG ISA at itanghal sa buong klase bilang isang *News Reporter*, o isang minutong Tula, o isang Kanta sa saliw ng Leron Leron sinta, o isang maikling Dula. Ang pagtatanghal ay mamarkahan ayon sa nakapaloob na rubriks.

Panggrupong Rubriks sa Pagsusuri:

Pangalan ng Grupo (*news reporter*, tula, kanta, o dula):

| 50% para sa aktibong paggawa ng bawat kasapi (Pumili ng isa habang gumagawa ang lahat ng pangkat at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | | 50% para sa Kabuoang Kaayusan, nilalaman, at diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | |
|---|---|---|---|
| | 50% Lahat ng kasapi ay aktibong gumagawa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman, at diwa |
| | 40% Apat na kasapi ang aktibong gumagawa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman, at diwa |
| | 30% Tatlong kasapi ang aktibong gumagawa | | 30% Mayroong kabuoang kaayusan, nilalaman, at diwa |

Hatiin sa apat na grupo ang buong klase at italaga ang bawat grupo bilang news reporter, gagawa ng tula, kakanta ng leron leron sinta, o magpapakita ng dula.

Markahan ang pagtatanghal sa pamamagitan ng nakapaloob na rubrik.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 20% Dalawang kasapi ang aktibong gumagawa | | 20% Hindi mahusay na kabuoang kaayusan, nilalaman, at diwa |
| | 10% Isang kasapi ang aktibong gumagawa | | 10% Walang kabuoang kaayusan, nilalaman, at diwa |
| ______ PLUS ______ | | KABUOANG MARKA: | |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Maala-ala mo kaya.** May magandang alaala ka ba o may maalala ka na mahalagang pangyayari sa iyong buhay na nagpapakita ng pagpapahalaga ng sarili? Magbahagi ng isang alaala mula sa alinmang sampung gawain o pag-iisip na natalakay. Isulat ito sa patlang.

| | |
|---|---|
| Pumili ng isang gawain o pag-iisip na nagpapakita ng pagpapahalaga ng sarili | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| Isulat ang magandang alaala o mahalagang pangyayari | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

**IKAAPAT NA ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 3:** Mga Mabuting Gawing Tugon sa mga Paglabag sa mga Karapatang Pansarili

Tamang sagot:

| P | A | N | A | N | A | K | I | T |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

| P | A | N | G | A | A | P | I |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

***Fill-in the Blocks.*** Lagyan ng tamang Patinig (A,E,I,O,U) ang kahon na walang mga titik upang bumuo ng isang salita.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | N | | N | | K | | T |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | N | G | | | P | |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | G | M | | M | | L | | | T |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | N | | N | | K | | T |

Ano ang pagkakahalintulad ng lahat ng apat na salita? Ayusin ang mga titik na ito upang malaman ang sagot:

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | G | I | L | L | N | U | Y |

Sagot:

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | G | M | A | M | A | L | I | I | T |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | N | A | N | A | K | O | T |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| B | U | L | L | Y | I | N | G |

Tapusin ang talakayan ng Pagproseso ng Pag-unawa sa pagsabi: Ang *Bullying* ay ang pananakit, pang-aapi, pagmamaliit, at pananakot sa mahihina o maliliit na paulit-ulit na sinasadya at pinagkakatuwaan at ito ay tahasang paglabag sa mga karapatang pansarili

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Tama o Mali.** Isulat ang "Tama" sa patlang kung ang pangungusap ay tama. Isulat ang "Mali" sa patlang kung ang pangungusap ay mali.

__________1. Ang *bullying* ay pananakit, pang-aapi, pagmamaliit, at pananakot.

__________2. Mga lalaki lang ang puwedeng mag-*bully*.

__________3. Hanggang elementarya lamang nagkakaroon ng *bullying*.

__________4. Sa paaralan lamang nangyayari ang *bullying*.

__________5. Ang *bullying* ay isang paglabag sa karapatang pansarili.

Tamang Sagot:

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Mali
5. Tama

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

***Fill-in the Blanks.*** Lagyan ng tamang Patinig (A,E,I,O,U) ang mga patlang na walang mga titik upang bumuo ng isang pangungusap.

| Mabuting gawi na tugon sa mga paglabag sa karapatang pansarili ayon kay Rekhi (2023): | Ibig sabihin nito ay, kapag naranasan ang paglabag sa mga karapatang pansarili: |
|---|---|
| Pagnilayan ang iyong mga sariling Pagpapahalaga. | H__W__G M__GB__B__G__ NG S__R__L__NG P__G__P__H__L__G__. |
| Tingnan ang iyong mga relasyon sa iba. | H__W__G __T__G__L __NG P__K__K__P__G-K____B__G__N S__ __B__ |
| Magsanay ng pangangalaga sa sarili. | H__W__G P__B__B__Y__ __N __NG S__R__L__ |

Tamang Sagot:

HUWAG MAGBABAGO NG SARILING PAGAPAHALAGA.

HUWAG ITIGIL ANG PAKIKIPAG-KAIBIGAN SA IBA

HUWAG PABABAYAAN ANG SARILI

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr>
<td>Gumawa ng higit pang mga bagay na iyong kinagigiliwan.</td>
<td>M__G__NG __B__L__ S__ M__B__B__T__NG G__W__ K__P__G N__ __ __L__L__ __NG P__GL__B__G S__ MG__ K__R__P__T__NG P__NS__R__L__.</td>
</tr>
</table>
</td>
<td>MAGING ABALA SA MABUBUTING GAWA KAPAG NAAALALA ANG PAGLABAG SA MGA KARAPATANG PANSARILI.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>
PABAONG PAGKATUTO
Tama-Mali-Dahilan (T.M.D). Sabihin ang “Tama” kung ikaw ay sumasang-ayon o “Mali” kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapahalaga sa sariling buhay o nagpapakita ng paggalang sa sarili. Isulat ang “Dahilan” kung bakit ito ang iyong sagot.
<table>
<tr>
<th rowspan="2">Mga Kilos na Nagpapahalaga sa Sariling Buhay o Nagpapakita ng Paggalang sa Sarili</th>
<th colspan="2">Lagyan ng “tsek”</th>
<th rowspan="2">DAHILAN</th>
</tr>
<tr>
<th>TAMA</th>
<th>MALI</th>
</tr>
<tr>
<td>1. Pinapayuhan ka na maging maagap, magalang, malinis, at mapagpasensiya</td>
<td></td>
<td></td>
<td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
</tr>
<tr>
<td>2. Pinapapasok ka na sa loob ng bahay dahil may curfew ang barangay.</td>
<td></td>
<td></td>
<td>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
</tr>
<tr>
<td>3. Pinapahinto ka ng kumain dahil busog na busog ka na.</td>
<td></td>
<td></td>
<td>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
</tr>
<tr>
<td>4. Pinapagamit ka ng timba sa pagligo dahil konti</td>
<td></td>
<td></td>
<td>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
</tr>
</table>
</td>
<td>
Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.
Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.
</td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| lamang ang imbakan ng tubig. | | | |
| 5. Pinapatigil ka ng maglaro sa *gadget* dahil hatinggabi na at kailangang matulog. | | | ________________________________ ________________________________ ________________________________ ________________________________ |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang sumusunod.

Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang iyong natutuhan sa Araling ito?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

**A. Pagtataya**

**PAGSUSULIT**

***P.S.143.*** Pagsulat ng Sanaysay na isang talata lamang at hindi hihigit sa apat at hindi bababa sa tatlong pangungusap. Basahing mabuti ang talata at gumawa ng maikling sanaysay. Lagyan ng angkop na pamagat ang sanaysay.

"Batayan, layunin, dahilan at gabay sa pag-iisip, pagpili, at pagkilos na itinuturing na mabuti at nasasalamin sa pamumuhay ng isang tao o pangkat pakikipagkapuwa pagtanggap at pakikitungo sa ibang tao bilang kapantay pambubulas panggigipit sa inaakalang mas mahinang indibidwal nang paulit-ulit, walang rasyonal na dahilan at mapanakit na pamamaraan pananampalataya paniniwala, pananalig at pagsasabuhay sa mga aral ng Diyos."

______________________________________

(Pamagat)

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

Rubriks sa Pagsusuri:

| 50% para sa Nilalaman at Diwa (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | | 50% para sa Kabuoang Kaayusan (Pumili ng isa at lagyan ng tsek at isulat ang marka sa baba) | |
|---|---|---|---|
| | 50% Napakahusay na nilalaman at diwa | | 50% Napakahusay na kabuoang kaayusan |
| | 40% Mahusay na nilalaman at diwa | | 40% Mahusay na kabuoang kaayusan |

Markahan ang sagot sa pamamagitan ng nakapaloob na rubrik.

Ang talata sa pagsusulit ay ang opisyal na nakasulat na kahulugan ng PAGPAPAHALAGA sa glosari ng MATATAG *Curriculum: Good Manners and Right Conduct* (GMRC) (Baitang 1-6) *Values Education* (VE) (Baitang 7-10).

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 30% Mayroong nilalaman at diwa | | 30% Mayroong kabuoang kaayusan |
| | 20% Hindi mahusay na nilalaman at diwa | | 20% Hindi Mahusay na kabuoang kaayusan |
| | 10% Walang nilalaman at diwa | | 10% Walang kabuoang kaayusan |
| _____ PLUS _____ | | | KABUOANG MARKA: |

**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**

***J.S.From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw-araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng kagandahang asal at pag-iimpok na nagawa sa buong linggo.

| | Fri | Mon | Tues | Wed | Thurs |
|---|---|---|---|---|---|
| Anong kagandahang asal ang napakita ko sa araw na ito? Magbanggit ng isa lamang. (puwedeng sabihing "wala") | | | | | |
| Magkano ang naipon kong pera sa araw na ito? (puwedeng sabihing "wala") | | | | | |

Ang pagtala ng naipong pera ay may kaugnayan sa ikatlong aralin ng kuwarter tungkol sa Pag-iimpok Bilang Paghahanda sa Sariling Kinabukasan.

***B.*** **Pagbuo ng Anotasyon**

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:***<br>***Venicris M. Alonsozana*** | ***Sinuri ni:***<br>***Liza T. Bacierra*** |
| ***Institusyon:***<br>***De La Salle University – Dasmarinas*** | ***Institusyon:***<br>***Leyte Normal University*** |